# 2024 Pangkalahatang Halalan

# Pamplet ng mga Botante ng Estado sa Wikang Tagalog

# Pangkalahatang Halalan sa Oregon

Nobyembre 5, 2024

*Opisyal na paglalathala*

*Ito ang inyong opisyal na Pamplet para sa mga Botante sa Pankalahatang Halalan ng 2024. Layunin nitong tulungan ka sa pagboto sa pamamagitan ng balotang ipapadala sa koreo. Ipapadala ang mga balota sa mga rehistradong botante simula Oktubre 16.*

*Kasama sa pamplet na ito ang mga huling araw ng gawaing panghalalan, impormasyon sa rehistrasyon ng botante, mga karapatan mo bilang isang botante sa Oregon, mga pahayag tungkol sa kandidato, at impormasyon ukol sa panukalang-batas.*

**LaVonne Griffin-Valade**

**Kalihim ng Estado ng Oregon**

Oregon Secretary of State
Elections Division

Minamahal na Botante ng Oregon,

Malapit na ang pangkalahatang halalan at ngayon na ang tamang panahon para magplanong bumoto.

Napakahalaga ng halalang ito. Pagpapasiyahan ng mga botante sa buong bansa ang ating susunod na Pangulo, kayarian ng Kongreso at Lehislatura ng Estado, at higit pa. Tiyaking handa kang makasama sa kanila sa pamamagitan ng pagrehistro para makaboto at paggamit ng impormasyon sa pamplet na ito upang ipaalam ang iyong desisyon kapag nagmamarka ng iyong balota.

Masarap sa pakiramdam ang pagboto sa Oregon. Pinakamahusay ang sistema ng halalan natin pagdating sa pagiging madaling gamitin at integridad. Tinitiyak ng awtomatikong pagrehistro ng botante, salamat sa batas ukol sa Motor Voter ng Oregon na mas maraming kwalipikadong botante ang makatatanggap ng balota. Ang batas sa marka ng koreo ay nagbibigay sa iyo ng mas mahabang panahon para magsumite ng iyong balota sa pamamagitan ng koreo at mabilang ang iyong boto. Bibihira ang pandaraya ng botante at sumasailalim sa maraming yugto ng matinding pagsusuri ang mga makina natin para sa pagbibilang ng balota upang matiyak na tumpak ang mga resulta.

Patuloy na kumakalat ang maling impormasyon, na naglalayong sirain ang iyong tiwala sa ating sistema ng halalan at hadlangan ka sa pagboto. Tulungan kaming lumaban at tiyaking nakukuha mo ang iyong impormasyon mula sa mga opisyal, na pinagkakatiwalaang mapagkukunan.

**Kunin ang mga detalye at alamin ang mga sagot sa iyong mga katanungan sa mga pinagkakatiwalaang mapagkukunan na mga ito ng impormasyon.**

**OregonVotes.gov | Facebook.com/OregonElections | Twitter.com/OregonElections | Hanapin ang iyong tanggapan para sa halalang pang-county sa Oregonvotes.gov/Counties**

Narito ang kailangan ninyong malaman tungkol sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 5.

- Mag-rehistro para makaboto bago ang **Oktubre 15**. Mag-rehistro online o tingnan ang iyong impormasyon sa rehistrasyon sa Oregonvotes.gov. Ang mga balota ay ipapadala sa koreo simula sa **Oktubre 16**.
- **Ang Araw ng Halalan ay Nobyembre 5, 2024.**
- **Dapat matanggap o ipadala ang mga balota na may balidong marka ng koreo bago mag-8 p.m. sa Araw ng Halalan.** Maaari mo ring piliing ihulog ang iyong balota sa isa sa maraming opisyal na mga drop box. Puntahan ang Oregonvotes.gov/Dropbox para mahanap ang drop box na pinakamalapit sa iyo.
- **Huwag kang magpaloko sa maling impormasyon:** Ang maling impormasyon

ay kadalasang nakababagabag, nagdudulot ng pagbubukod, at nilayong madaling kumalat online. Kunin ang mga detalye mula sa mga opisyal na mapagkukunan gaya ng Oregonvotes.gov o sa pamamagitan ng pagtawag sa iyong tanggapan para sa halalang pang-county. Maaari mong mahanap ang iyong tanggapan para sa halalang pang-county sa Oregonvotes.gov/Counties.

Taos-pusong sumasainyo,

LaVonne Griffin-Valade

Kalihim ng Estado ng Oregon

255 Capitol St NE, Ste 126
Salem, Oregon 97310
Information (503) 986-1518
Fax (503) 373-7414
OregonVotes.gov

LaVonne Griffin-Valade
*Kalihim ng Estado ng Oregon*

Cheryl Myers
*Katulong na Kalihim ng Estado & Pantribong Tagapag-ugnay*

## Para sa mga tanong tungkol sa:

- ➔ pag-rehistro para makaboto
- ➔ pag-update ng iyong rehistrasyon
- ➔ halalan at pagboto
- ➔ pagkumpleto ng iyong balota
- ➔ pagbabalik ng iyong balota
- ➔ mga balota para sa pagboto nang nakaliban
- ➔ mga pamalit na balota
- ➔ mga kinakailangang lagda

Makipag-ugnayan sa iyong Tanggapan para sa Halalang Pang-county.

# Mga Petsang Dapat Tandaan

**Martes, Oktubre 15**

Huling araw upang mag-rehistro para makaboto o baguhin ang kaalyadong partidong pampolitika para sa halalang ito.

**Miyerkules, Oktubre 16**

Unang araw para sa mga county na magpadala ng mga balota sa koreo.

**Martes, Nobyembre 5**

Araw ng Halalan

Huling araw para ibalik ang iyong balota. Kung ipapadala mo sa koreo ang iyong balota, dapat ay mayroon itong USPS na marka ng koreo bago mag-8 pm sa Araw ng Halalan. O ibalik ang iyong balota sa isang opisyal na drop box bago mag-8 pm sa Araw ng Halalan.

**Oregonvotes.gov/myvote**

Gamitin ang online tool na ito upang suriin o i-update ang iyong katayuan sa rehistrasyon at subaybayan ang iyong balota.

## Mga Resulta ng Halalan

**Tingnan ang mga hindi opisyal na resulta ng halalan** simula 8 pm ng Nobyembre 5. Ia-update ang mga hindi opisyal na resulta sa gabi ng halalan at mga susunod na araw. Ang mga panghuling sertipikadong resulta ay lalabas sa Disyembre 12.

**results.oregonvotes.gov**

# Labag sa batas ang:

- ➔ lagdaan ang sobre para sa pagbalik ng balota ng ibang tao para sa kanila
- ➔ bumoto ng higit sa isang beses sa isang halalan o magsumite ng dinayang balota
- ➔ magsumite ng balota kung hindi ka legal na kwalipikadong gawin ito
- ➔ pamimilit, panggigipit o kung hindi man ay labis na impluwensyahan ang ibang botante
- ➔ magbenta, mag-alok na magbenta, bumili, o mag-alok na bumili ng balota ng ibang botante
- ➔ hadlangan ang pasukan ng isang gusali kung saan matatagpuan ang booth para sa pagboto o opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota
- ➔ sirain ang anyo, alisin, baguhin, o wasakin ang balota ng ibang botante, isang nakapaskil na paunawa tungkol sa halalan, o mga kagamitan o suplay para sa halalan
- ➔ subukang mangolekta ng mga hinulog na balota sa loob ng 100 talampakan mula sa isang opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota
- ➔ magtatag ng isang lugar ng drop box nang walang ipinakikitang karatula na nagsasabing "Not An Official Ballot Drop Site" (Hindi Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota)

*Anumang mga paglabag sa mga tinukoy na batas na panghalalan ay napapailalim sa sibil at/o kriminal na mga parusa.*

Para sa higit na impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon o kung sa tingin mo ay nalabag ang iyong mga karapatan bilang isang botante

[oregonvotes.gov](https://oregonvotes.gov)

**1 866 673 8683**
se habla español

**TTY 1 800 735 2900**
para sa mga may kapansanan sa pandinig

# Alamin ang Iyong mga Karapatan

## Kabilang sa iyong mga karapatan bilang Botante ng Oregon ang:

- ➔ karapatan na **ma-akses ang mga opisyal na kahon ng balota at mga tanggapan para sa pangangasiwa ng halalan** nang walang hadlang
- ➔ karapatan na **panatilihing pribado ang iyong boto**
- ➔ **karapatang bumoto nang walang pananakot o pagbabanta**

Maaaring kabilang sa **Pananakot sa Botante** ang:

- ➔ **Mga tanong na agresibo o nakakapanligalig** tungkol sa kung kwalipikado kang bumoto na naglalayong humadlang sa iyong karapatang bumoto, takutin ka na bumoto sa isang partikular na paraan o takutin ka para huwag bumoto, tulad ng mga tanong tungkol sa iyong katayuan sa pagkamamamayan, kriminal na rekord, paninirahan, iba pang personal na impormasyon, o mga tanong kung paano mo nilalayong bumoto.

- ➔ **Mga di-totoo o nakakapanlinlang na pahayag o pag-aakusa** tungkol sa pandaraya ng botante o nauugnay na mga parusang kriminal, na naglalayong takutin ka para hindi bumoto.

- ➔ **Mga berbal o pisikal na pagbabanta** – maliwanag o ipinahiwatig – na naglalayong pigilan ka sa pagboto o pilitin kang bumoto sa isang partikular na kandidato o panukalang-batas.

- ➔ **Sinasadyang pagharang o paghadlang** sa iyong kakayahang bumoto.

- ➔ **Naka-target na pagmamatyag** ng mga partikular na botante o grupo ng mga botante, tulad ng pagsunod o pagsubaybay sa mga botante, pagkopya ng mga plaka ng lisensya, pagkuha ng video o litrato, atbp., na naglalayong himukin silang huwag bumoto
    - o hadlangan sila sa pagboto.

Para sa tumpak na impormasyon tungkol sa pagboto, o para mag-report ng pananakot sa botante

**1 866 673 8683**
*se habla español*
**TTY 1 800 735 2900**
*para sa mga may kapansanan sa pandinig*

# Mga Madalas Itanong

## Saan ako boboto?

Sa Oregon, bumoboto tayo sa pamamagitan ng koreo. Maaari kang bumoto kahit saan na mapili mo.

Kung rehistrado ka para makaboto pagsapit ng **Oktubre 15**, ang iyong balota ay ipapadala sa koreo sa pagitan ng **Oktubre 16** at **Oktubre 22**. Ipapadala ito ng tanggapan para sa halalang pang-county sa address sa iyong rekord ng rehistrasyon ng botante.

Kung hindi mo matanggap ang iyong balota pagsapit ng **Oktubre 25**, tawagan ang iyong tanggapan para sa halalang pang-county.

## Paano kung lumipat na ako ng tirahan?

Hindi maipapadala ang mga balota. Upang matanggap ang iyong balota, i-update ang iyong impormasyon para sa rehistrayon ng botante sa **oregonvotes.gov/myvote**.

Kung ang Araw ng Halalan ay sa loob ng wala pang 5 araw, tawagan ang iyong tanggapan para sa halalang pang-county para sa mga tagubilin kung paano kunin ang iyong balota.

## Paano ko makukuha nang maaga ang aking balota?

Kung malayo ka mula sa iyong bahay sa Araw ng Halalan, i-update ang iyong impormasyon para sa rehistrasyon ng botante sa **oregonvotes.gov/myvote**.

Upang humiling ng balota para sa pagboto nang nakaliban, ilagay ang iyong address para sa koreo bilang botanteng nakaliban at kung gaano ka katagal maglalagi sa address na iyan.

## Isinalin ba sa ibang mga wika ang Pamplet para sa mga Botante?

Oo. Ang ilang bahagi ng pamplet para sa mga botante ay makikita online sa wikang:

Arabic, Chinese (Simplified), French, German, Japanese, Korean, Marshallese, Portuguese, Russian, Spanish, Tagalog, Thai, Ukrainian, at Vietnamese.

Makikita mo ang mga pagsasaling ito online sa:
**oregonvotes.gov/voterspamphlet**.

## Paano ko kukumpletuhin ang aking balota?

Kasama sa iyong pakete ng balota ang mga tagubilin kung paano kumpletuhin at ibalik ang iyong balota. Sundin ang mga tagubilin!

## Paano kung nasira ang aking balota?

Kung nawala, nawasak, o nasira ang iyong balota sa paraang pipigil sa iyong makaboto, tawagan ang iyong tanggapan para sa halalang pang-county sa **oregonvotes.gov/counties** at humingi ng pamalit na balota.

## Kailangan ko bang bumoto sa lahat ng bagay?

Hindi. Ang iyong balota ay mabibilang pa rin, kahit na hindi ka bumoto sa bawat labanan o panukalang-batas dito.

## Maaari ko bang baguhin kung paano ako bumoto?

Kung naipadala mo na sa koreo o naihulog na ang iyong balota, ang iyong boto ay hindi na maaaring mabago. Kung nasa iyo pa rin ang iyong balota, sundin ang mga tagubiling ipinadala kasama ng iyong balota.

## Paano ko ibabalik ang aking balota?

Maaari mong ibalik ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo, hindi na kailangan ng selyo. Kung ipapadala mo sa koreo ang iyong balota, dapat ay mayroon itong USPS na marka ng koreo na may petsa ng o bago mag-**8 pm** ng **Nobyembre 5**.

O ibalik ang iyong balota sa alinmang tanggapan para sa halalang pang-county o opisyal na drop box. Mahahanap mo ang pinakamalapit na drop box, kasama ang isang mapa kung paano makarating doon, sa **oregonvotes.gov/dropbox** o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa tanggapan para sa halalang pang-county.

Ang mga tanggapan para sa halalang pang-county ay bukas sa Araw ng Halalan mula 7 am hanggang 8 pm.

## Kailangan ba ang lagayan para sa paglihim ng balota?

Kung nakatanggap ka ng lagayan para sa paglihim ng balota, hindi mo kailangang gamitin ito maliban kung gusto mo.

Kung hindi ka nakatanggap ng lagayan para sa paglihim ng balota, ang iyong county ay isa sa marami na naglagay sa sobre para sa pagbalik ng balota ng mga karagdagang

tampok na panseguridad na inaprubahan ng Tanggapan ng Kalihim ng Estado at dahil dito hindi na kailangan ng lagayan.

## Kailangan ko bang lagdaan ang aking sobre para sa pagbalik ng balota?

Oo. Ang iyong lagda ay isang hakbang panseguridad na ginagamit upang beripikahin ang iyong pagkakakilanlan. Ikaw lamang ang maaaring lumagda sa iyong sobre para sa pagbalik ng balota. Ang mga dokumentong Power of Attorney ay hindi naaangkop sa pagboto.

Kung hindi mo kayang lumagda, makipag-ugnayan sa iyong tanggapan para sa halalang pang-county para sa karagdagang impormasyon.
Ang iyong balota ay binibilang lamang kung ang lagda sa sobre para sa pagbalik ng balota ay tumugma sa mga lagda sa iyong rekord ng rehistrasyon ng botante.

Kung hindi tumugma ang iyong lagda o nakalimutan mong lagdaan ang sobre, aabisuhan ka ng county. Magkakaroon ka ng hanggang 21 araw pagkatapos ng halalan para patunayan na ikaw ang lumagda sa sobre.

## Kung ang pangalan ko ay nasa sobre para sa pagbalik ng balota, lihim ba talaga ang aking boto?

Oo. Pagkatapos ng pagberipika ng lagda, ang iyong balota ay ihihiwalay sa sobre para sa pagbalik ng balota bago ito buksan at suriin.

## Nabilang ba ang aking balota?

Bilang isang rehistradong botante, maaari mong tingnan ang na-update na impormasyon ukol sa balota sa **oregonvotes.gov/myvote**. Maaari mong makita kung ang isang balota ay ipinadala, natanggap, o kung ito ay ibinalik bilang hindi naihatid.

## Kailan malalaman ang mga resulta ng eleksyon?

Ang mga paunang resulta ay inilalabas simula **8 pm ng Nobyembre 5** at patuloy na ia-update sa buong gabi ng halalan at sa mga susunod na araw.

Sa pagitan ng gabi ng halalan at petsa kung kailan nasertipika ang mga resulta ng halalan, magbabago ang mga iniulat na hindi opisyal na mga resulta sa **oregonvotes.gov**. Ang pagbabagong ito ay kumakatawan sa mga balotang namarkahan ng koreo bago mag-8pm sa gabi ng halalan, na tinanggap at binilang.

Ang mga huling resulta, lalo na para sa mga malapit na labanan, ay maaaring hindi malaman hangga't hindi nasertipika ang halalan at ang opisyal na abstract ng mga boto ay nailathala. Ang mga panghuling sertipikadong resulta ay lalabas 37 araw pagkatapos ng halalan.

### Kailangan ko ba ng pansamantalang balota?

Kung hindi matukoy ang iyong kwalipikasyon para bumoto, bibigyan ka ng isang pansamantalang balota.

Upang makakuha ng isang pansamantalang balota, pumunta nang personal sa tanggapan para sa halalang pang-county at punan ang isang Form ng Paghiling sa Pansamantalang Balota.

Ang iyong pansamantalang balota ay mabibilang lamang kung ikaw ay natukoy na kwalipikadong bumoto.

### Paano ako magsasampa ng reklamo?

Kung naniniwala kang nalabag ang batas na panghalalan ng Oregon, at isa kang rehistradong botante sa Oregon, maaari mong hilingin sa Dibisyon ng mga Halalan na magsiyasat. Hindi iimbestigahan ang mga hiling na hindi pinangalanan kung sino ang humiling.

Maaari kang makahanap ng higit na impormasyon at magsumite ng reklamo para sa pag-iimbestiga ng Dibisyon ng mga Halalan sa **oregonvotes.gov** sa ilalim ng seksyon na “get involved” (makibahagi).

## Mga Resulta ng Halalan

**Tingnan ang mga hindi opisyal na resulta ng halalan** simula 8 pm ng Nobyembre 5.

Ia-update ang mga hindi opisyal na resulta sa gabi ng halalan at mga susunod na araw. Ang mga panghuling sertipikadong resulta ay lalabas sa Disyembre 12.

**results.oregonvotes.gov**

# Mga Botanteng may Kapansanan

Para sa mas detalyadong impormasyon sa madaling pagboto, makipag-ugnayan sa **iyong tanggapan para sa halalang pang-county**.

## Ano ang iba't ibang paraan para makaboto ako?

➔ **Balota sa madaling magamit na format**
Markahan mo ang balotang ito gamit ang anumang computer na may teknolohiyang pantulong sa may kapansanan, i-print at ibalik ito. Maaari mo ring gamitin ang mga nakahandang tablet o computer station na matatagpuan sa bawat tanggapan para sa halalang pang-county.

➔ **Balotang malalaki ang titik**

➔ **Humingi ng tulong**

## Sino ang makatutulong sa akin na bumoto sa pamamagitan ng aking balota?

➔ **Kahit sino maliban sa iyong tagapag-empleyo o unyon**
Maaari kang humingi ng tulong mula sa isang kaibigan, miyembro ng pamilya o iba pang pinagkakatiwalaang tao. Sa ilalim ng batas ng Oregon, hindi ka maaaring tumanggap ng tulong mula sa iyong tagapag-empleyo o unyon.

➔ **Pangkat ng County na Tumutulong sa Pagboto**
Hindi mo kailangang humingi ng tulong mula sa isang taong kilala mo. May mga Pangkat ng County na Tumutulong sa Pagboto upang tulungan kang bumoto sa pamamagitan ng iyong balota nang pribado at independiyente.

## Paano kung hindi ko malalagdaan ang aking sobre para sa pagbalik ng balota?

➔ **Maaari kang gumamit ng isang panatak ng lagda o iba pang puwang para sa pagmarka ng boto bilang lagda mo**
Dapat kang kumumpleto ng form para sa pagpapatotoo ng panatak ng lagda kasama ng kard ng rehistrasyon ng botante bago gamitin ang panatak o marka para lagdaan ang sobre ng iyong balota.

## Anong ibang mga magagamit na mapagkukunan ang available?

➔ **Pamplet para sa mga Botante sa Buong Estado**
Available sa digital audio o maa-akses na text sa **oregonvotes.gov**.

➔ **Madaling Gabay sa Pagboto**
Available nang naka-print o naa-akses na HTML sa **easyvotingguide.org**.

Alamin ang Iyong mga Karapatan

# May karapatan kang bumoto!

Kung ikaw ay isang mamamayan ng Estados Unidos, nakatira sa Oregon, 18 taong gulang at rehistrado para makaboto.

- ➔ **May karapatan ka** sa isang lihim na pagboto. Hindi mo kailangang sabihin kahit kanino kung paano ka bumoto.
- ➔ **May karapatan kang** makakuha ng “pansamantalang balota”, kahit na sinabihan kang hindi ka rehistrado para makaboto.
- ➔ **May karapatan kang** makakuha ng bagong balota kung nagkamali ka.
- ➔ **May karapatan kang** bumoto para sa taong gusto mo. Maaari mong isulat ang pangalan ng ibang tao kung hindi mo gusto ang mga pagpipilian sa iyong balota.
- ➔ **May karapatan kang** bumoto ng “yes” (oo) o “no” (hindi) sa anumang isyu sa iyong balota.
- ➔ **May karapatan kang** iwanang blangko ang ilang pagpipilian sa iyong balota. Ang mga pagpipilian na iyong mamarkahan ay mabibilang pa rin.
- ➔ **May karapatan kang** gumamit ng sistema ng pagboto para sa lahat ng Pederal na Halalan na ginagawang posibleng pantay para sa mga taong may kapansanan na bumoto nang pribado at independiyente.
- ➔ **May karapatan kang** malaman kung ang iyong balota, kabilang ang isang “pansamantalang balota”, ay tinanggap para mabilang.
- ➔ **May karapatan kang** magsampa ng reklamo kung sa tingin mo ay tinanggihan ang iyong mga karapatang bumoto.
- ➔ **May karapatan kang** bumoto o magsumite ng boto kung ikaw ay nakapila pagsapit ng 8 p.m. sa Araw ng Halalan.
- ➔ **May karapatan kang** malaman kung rehistrado ka para bumoto.
- ➔ **May karapatan kang** pumili kung gusto mong mag-rehistro bilang miyembro ng isang partidong pampolitika.

- **May karapatan kang** gumamit ng panatak ng lagda o iba pang marka ngunit kailangan mo munang punan ang isang form. Walang maaaring lumagda para sa iyo.

- **May karapatan kang** humingi ng tulong mula sa mga kawani ng halalan o mula sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya. Mayroong ilang tao na hindi makatutulong sa iyo na bumoto, halimbawa, ang iyong boss o isang opisyal ng unyon mula sa iyong trabaho.

- **May karapatan kang** bumoto kahit na wala kang tirahan.

- **May karapatan kang** bumoto kung nahatulan ka ng isang mabigat na krimen ngunit nakalaya mula sa kustodiya, kahit na ikaw ay nasa probasyon o parole.

- **May karapatan kang** bumoto kahit na mayroon kang tagapag-alaga at kahit na kailangan mo ng tulong sa pagbabasa o pagsasagot ng iyong balota. Para sa higit pang impormasyon

Para sa higit pang impormasyon

**1 866 673 8683**
se habla español

**TTY 1 800 735 2900**
para sa mga may kapansanan sa pandinig

*(Konstitusyon ng Oregon, Seksyon 2 at 3; ORS Chapters 137, 246, 247, at 254; Manwal sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo; 2002 na Batas na Help America Vote (Help America Vote Act); OAR 165-001-0090 at 165-007-0030)*

# Kumpletuhin ang Iyong Balota

Maingat na basahin at sundin ang lahat ng tagubilin na nakalathala sa iyong balota.

1. Upang bumoto, ganap na punan ang bilog sa tabi ng iyong napili.

2. Para isama ang isang kandidato:

   ➔ Malinaw na i-print ang pangalan ng kandidato sa blangkong linya na nakalagay sa balota

   -at-

   ➔ Punan ang bilog sa tabi ng pangalan na isinama mo

## Suriin kung may mga mali

Hindi mo kailangang botohan ang lahat ng labanan. Bibilangin pa rin ang mga iboboto mo.

Kung bumoto ka ng higit sa isang opsyon, ang iyong boto

**ay hindi mabibilang** para sa kandidato o panukalang-batas na iyon.

## Suriing mabuti ang iyong balota

Hindi mo maaaring baguhin ang iyong boto pagkatapos mong ibalik ang iyong balota.

Kung kailangan mo ng pamalit na balota, makipag-ugnayan sa iyong Tanggapan para sa Halalang Pang-county.

# Impormasyon sa Rehistrasyon ng Botante

## Sino ang maaaring mag-rehistro para makaboto?

Para mag-rehistro dapat kang:

- ➔ Isang mamamayan ng U.S.
- ➔ Isang residente ng Oregon
- ➔ Hindi bababa sa 16 na taong gulang

Kung wala ka pang 18 taong gulang, hindi ka makatatanggap ng balota hanggang sa magkaroon ng halalan sa o pagkatapos ng iyong ika-18 kaarawan.

## Paano ako mag-rehistro para makaboto?

Mag-rehistro para makaboto

- ➔ Online sa **oregonvotes.gov/register**
- ➔ Sa pamamagitan ng pagpapadala ng iyong nakumpletong kard ng rehistrasyon sa iyong tanggapan para sa halalang pang-county.
- ➔ Sa pamamagitan ng personal na pagkumpleto ng kard ng rehistrasyon sa alinmang tanggappan para sa halalang pang-county, sa Tanggapan ng Kalihim ng Estado, at ilang ahensya ng estado gaya ng DMV.

## Kailangan ko bang i-update ang aking rehistrasyon?

Dapat mong i-update ang iyong rehistrasyon kung lumipat ka ng tirahan, nagbago ng iyong pangalan, lagda o address para sa koreo, o gustong baguhin o pumili ng partidong pampolitika.

Maaari kang magbigay ng bagong impormasyon online sa **oregonvotes.gov/myvote** o sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagsasauli ng kard ng rehistrasyon ng botante sa iyong tanggapan ng opisyal ng halalang pang-county.

## Kailangan ko bang magpakita ng I.D.?

Dapat mong ibigay ang iyong balidong numero ng Lisensya sa Pagmamaneho sa Oregon, Permit, o ID.
Kung wala kang balidong Oregon ID, ibigay ang huling apat na numero ng iyong Social Security.
Kung wala kang balidong Oregon ID o Social Security number, makikita mo ang isang listahan ng tinatanggap na alternatibong pagkakakilanlan online sa **oregonvotes.gov**.

## Ano ang huling araw para mag-rehistro?

Upang makaboto sa **Nobyembre 5, 2024**, Pangkalahatang Halalan, ang iyong nakumpletong kard ng rehistrasyon ay dapat na:

- ➔ namarkahan ng koreo pagsapit ng Martes, **Oktubre 15**.
- ➔ inihatid sa isang tanggapan para sa halalang pang-county o ahensya para sa

rehistrasyon ng botante (hal., DMV) pagsapit ng Martes, **Oktubre 15.** Kung magre-rehistro ka para makaboto online, dapat na maisumite ang iyong rehistrasyon pagsapit ng 11:59 pm ng **Oktubre 15.**

## Kailangan ko bang pumili ng partidong pampolitika?

Hindi, hindi mo kailangan. Kung hindi ka pipili ng partidong kalahok sa pangunahing halalan, ang balotang matatanggap mo para sa isang pangunahing halalan ay isasama lamang ang mga katungkulang walang kinikilingan at mga panukalang-batas sa balota. Makikita ang lahat ng katungkulan sa iyong balota para sa pangkalahatang halalan.

## Programa sa Pagiging Kumpidensyal ng Address (Address Confidentiality Program)

Ang Programa sa Pagiging Kumpidensyal ng Address (Address Confidentiality Program, ACP) ay nagbibigay sa mga kalahok ng legal na kapalit na address at serbisyo para sa pagpapadala sa koreo. Ang mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan, pang-aabusong sekswal, paniniktik o pangangalakal ng tao ay binibigyan ng kapalit na address na gagamitin sa mga pampublikong talaan sa halip na kanilang tunay na address.

Ang mga indibidwal na maaaring malagay sa pangahib ang personal na kaligtasan o kaligtasan ng pamilya kung makikita ang kanilang address ng tirahan sa isang pampublikong talaan ay maaaring mag-rehistro para makaboto nang may mga proteksyon sa pagiging kumpidensyal sa pamamagitan ng pag-apply sa Programa sa Pagiging Kumpidensiyal ng Address (Address Confidentiality Program).

Para mag-apply sa Programa sa Pagiging Kumpidensiyal ng Address (Address Confidentiality Program), dapat kang makipagtulungan sa isang tagapagtaguyod ng mga biktima na itinalaga ng Abugadong Panlahat bilang Katulong sa Aplikasyon. Para sa higit pang impormasyon o para makahanap ng Katulong sa Aplikasyon na malapit sa iyo, tumawag sa **888-559-9090** o bumisita sa **www.doj.state.or.us/acp.**

Ang mismong paglahok sa ACP ay hindi ginagarantiyahan ang kaligtasan ng sinuman. Ang kawani ng ACP ay hindi nagbibigay ng pagsusuri sa panganib o pagpaplano para sa kaligtasan at hindi pinapayagang mag-alok ng payong legal.

# Impormasyon ng Partidong Pampolitika at Kandidato

## Mga Pahayag tungkol sa Partidong Pampolitika

Sa Pangkalahatang Halalan, ang isang partidong pampolitika sa buong estado ay maaaring mag-file ng pahayag na isasama sa pamplet para sa mga botante na nagpapaliwanag kung bakit nais nitong magtagumpay ang mga prinsipyo nito at mahalal ang mga kandidato nito. O maaaring salungatin ng pahayag ang mga prinsipyo at kandidato ng ibang partido o organisasyong pampolitika. Kung nai-file, lilitaw ang mga pahayag ayon sa pagkakasunud-sunod ng alpabeto.

Ang sumusunod na partidong pampolitika ay hindi nagsumite ng pahayag para sa Pangkalahatang Halalan ng 2024:

- ➔ Partidong Walang Label ng Oregon (No Labels Party of Oregon)

## Impormasyon ng Partido at Kandidato

Inaatas ng kasulatang batas ng Oregon (ORS 254.155) sa Kalihim ng Estado na magkumpleto ng isang sapalarang pagkakasunod-sunod ng mga titik ng alpabeto upang matukoy ang pagkakasunod-sunod na paglitaw ng mga pangalan ng mga kandidato sa balota.

Ang alpabeto para sa **Pangkalahatang Halalan ng 2024** ay:
K, Y, W, V, B, O, G, E, N, A, I, J, P, M, X, L, T, C, F, S, U, H, Q, R, Z, D

Ang mga pahayag tungkol sa kandidato na kasama sa pamplet ay nakahiwa-hiwalay ayon sa uri at posisyon ng katungkulan at higit pang isinaayos sa parehong sapalarang pagkakasunod-sunod ng mga pangalan ng mga kandidato kung paano ito nakalathala sa balota.

Ang mga pahayag ay isinaayos sa sumusunod na paraan:

- ➔ mga kandidatong may partido ayon sa posisyon sa pagkakasunod-sunod ng balota
- ➔ mga kandidatong walang kinikilingan ayon sa posisyon sa pagkakasunod-sunod ng balota

Ang mga kandidato ay nagbibigay ng bayad, o nagsusumite ng mga lagda bilang kapalit ng bayad, para sa espasyo sa Pamplet para sa mga Botante. Ang impormasyong iniaatas ng batas—na nauukol sa trabaho, karanasan sa trabaho, background sa edukasyon at dating karanasan sa gobyerno—ay sinertipika na totoo ng bawat

kandidato.

## Mga Panukalang-Batas

Ang mga panukalang-batas ay mga iminumungkahing pagbabago sa Konstitusyon ng Oregon o sa mga batas ng estado. Para sa mga panukalang-batas sa Pamplet na ito para sa mga Botante, makikita mo ang sumusunod na impormasyon:

1. ang pamagat ng balota;
2. ang pagtatantya ng epekto sa pananalapi;
3. ang kumpletong teksto ng iminumungkahing panukalang-batas;
4. ang pagpapaliwanag na pahayag; at
5. mga pangangatwirang inihain ng mga tagataguyod at kalaban ng panukalang-batas.

## Pamagat ng Balota

Ang pamagat ng balota ay binalangkas ng tanggapan ng Abugadong Panlahat at ipinamahagi sa mga interesadong partido para sa pampublikong komento. Pagkatapos suriin ang anumang komentong isinumite, ang isang pamagat ng balota ay sinesertipika ng tanggapan ng Abugadong Panlahat. Ang sertipikadong pamagat ng balota ay posibleng iapela at maaaring baguhin ng Korte Suprema ng Oregon (Oregon Supreme Court).

Isang espesyal na komite ng mga mambabatas ang nagbalangkas ng mga pamagat ng balota para sa Panukalang-Batas 115, 116, 117.  Ang paghirang ng komite at pamagat ng balota ay nagsisilbing pagtutol sa mga proseso alinsunod sa Chapter 366, mga Batas ng Oregon (2023).

## Pagtatantya ng Epekto sa Pananalapi

Ang pagtatantya ng epekto sa pananalapi para sa bawat panukalang-batas ay inihahanda ng isang komite ng mga opisyal ng estado kabilang ang Kalihim ng Estado, ang Ingat-Yaman ng Estado, ang Direktor ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pang-administratibo, ang Direktor ng Kagawaran ng Rentas at isang kinatawan ng lokal na pamahalaan na pinili ng mga miyembro ng komite.
Pinagbabasehan ang impormasyong ibinigay ng mga ahensya ng estado at mga komentong ibinigay sa isang proseso ng pampublikong pagdinig, tinatantya lamang ng komite ang direktang epekto sa estado at mga lokal na pamahalaan. Ipinapalagay ng pagtatantya na ipatutupad ang panukalang-batas gaya ng nakasaad at ipinapahayag ang mga taunang gastos sa mga saklaw saanman ito makakalkula nang tumpak.

Sumasangguni rin ang komite sa Lehislatibong Opisina ng Rentas upang matukoy kung ang panukalang-batas ay maaaring magkaroon ng epekto sa pangkalahatang ekonomiya ng estado, kung may naaangkop na pagsusuri. Ang higit pang paliwanag ng pagtatantya ay maaaring idagdag ng komite sa pangalawang pahayag kung sa tingin

nila ay kinakailangan ito. Tanging ang mga pamamaraan na ginamit ng komite, hindi ang nilalaman ng pahayag, ang maaaring kuwestiyonin sa Korte Suprema ng Oregon (Oregon Supreme Court).

## Kumpletong Teksto ng Panukalang-Batas

Nagbibigay ito sa iyo ng mga aktwal na pagbabago na gagawin ng mga panukalang-batas sa Konstitusyon ng Oregon o sa mga batas ng estado.

## Pagpapaliwanag na Pahayag

Ang pagpapaliwanag na pahayag ay isang walang kinikilingang pahayag na nagpapaliwanag sa panukalang-batas.
Ang mga pagpapaliwanag na pahayag ay isinulat ng isang komite na may limang miyembro, kabilang ang dalawang tagataguyod ng panukalang-batas, dalawang kalaban ng panukalang-batas at isang ikalimang miyembro na inatasan ng unang apat na miyembro ng komite, o, kung hindi sila sumang-ayon sa ikalimang miyembro, na inatasan ng Kalihim ng Estado. Ang mga pagpapaliwanag na pahayag ay posibleng iapela at maaaring baguhin ng Korte Suprema ng Oregon (Oregon Supreme Court).

Isang espesyal na komite ng mga mambabatas ang nagbalangkas ng mga pagpapaliwanag na pahayag para sa Panukalang-Batas 115, 116, at 117. Ang paghirang ng komite at pagpapaliwanag na pahayag ay nagsisilbing pagtutol sa mga proseso alinsunod sa Chapter 366, mga Batas ng Oregon (2023).

## Mga Pahayag ukol sa Panukalang-Batas

Ang sinumang tao o organisasyon ay maaaring maghain ng mga pangangatwirang pabor sa, o salungat sa, isang panukalang-batas sa balota sa pamamagitan ng pagbili ng espasyo sa halagang $1200 o sa pamamagitan ng pagsusumite ng petisyon na nilagdaan ng 500 botante. Ang mga pangangatwirang pabor sa isang panukalang-batas ay ang unang makikita, na sinusundan ng mga pangangatwirang sumasalungat sa panukalang-batas, at nakalimbag sa isang sapalarang pagkakasunod-sunod sa loob ng bawat kategorya.

# Hindi kinakailangang mag-file ang mga kandidato ng mga pahayag na isasama sa pamplet para sa mga botante.

## Nakalimbag ang mga deklarasyon at pahayag ukol sa panukalang-batas tulad ng naisumite.

Hindi sinusuri ng estado ang impormasyong isinumite ng mga kandidato at taga-file ng pahayag ukol sa panukalang-batas. Hindi iwinawasto ang maling impormasyon.

**Pagtatwa (Disclaimer)**
**Ang impormasyong ibinigay sa mga pahayag o pangangatwiran ng isang kandidato, isang partidong pampolitika, isang kapulungan ng mga manghahalal, o isang taong sumusuporta o sumasalungat sa isang panukalang-batas ay hindi pa nabeberipika para sa katumpakan ng Estado ng Oregon.**

# Presidente ng US (Presidente ng Estados Unidos) Bise Presidente ng US (Bise Presidente ng Estados Unidos)

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, ang mga kanditatong pang-federal at pang-estado ay may opsyon na magsumite ng pagsasalin ng kanilang pahayag ng kandidato. Walang isinumiteng pagsasalin ng mga pahayag ng kandidato. Makikita ang lahat ng argumento sa Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

# Kinatawan ng Estados Unidos para sa Ika-1 Distrito

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, ang mga kanditatong pang-federal at pang-estado ay may opsyon na magsumite ng pagsasalin ng kanilang pahayag ng kandidato. Walang isinumiteng pagsasalin ng mga pahayag ng kandidato. Makikita ang lahat ng argumento sa Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

# Kinatawan ng Estados Unidos para sa Ika-2 Distrito

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, ang mga kanditatong pang-federal at pang-estado ay may opsyon na magsumite ng pagsasalin ng kanilang pahayag ng kandidato. Walang isinumiteng pagsasalin ng mga pahayag ng kandidato. Makikita ang lahat ng argumento sa Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

# Kinatawan ng Estados Unidos para sa Ika-3 Distrito

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, ang mga kanditatong pang-federal at pang-estado ay may opsyon na magsumite ng pagsasalin ng kanilang pahayag ng kandidato. Walang isinumiteng pagsasalin ng mga pahayag ng kandidato. Makikita ang lahat ng argumento sa Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

# Kinatawan ng Estados Unidos para sa Ika-4 na Distrito

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, ang mga kanditatong pang-federal at pang-estado ay may opsyon na magsumite ng pagsasalin ng kanilang pahayag ng kandidato. Walang isinumiteng pagsasalin ng mga pahayag ng kandidato. Makikita ang lahat ng argumento sa Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

# Kinatawan ng Estados Unidos para sa Ika-5 Distrito

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, ang mga kanditatong pang-federal at pang-estado ay may opsyon na magsumite ng pagsasalin ng kanilang pahayag ng kandidato. Walang isinumiteng pagsasalin ng mga pahayag ng kandidato. Makikita ang lahat ng argumento sa Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

## Kinatawan ng Estados Unidos para sa Ika-6 na Distrito

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, ang mga kanditatong pang-federal at pang-estado ay may opsyon na magsumite ng pagsasalin ng kanilang pahayag ng kandidato. Walang isinumiteng pagsasalin ng mga pahayag ng kandidato. Makikita ang lahat ng argumento sa Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

## Kalihim ng Estado

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, ang mga kanditatong pang-federal at pang-estado ay may opsyon na magsumite ng pagsasalin ng kanilang pahayag ng kandidato. Walang isinumiteng pagsasalin ng mga pahayag ng kandidato. Makikita ang lahat ng argumento sa Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

## Ingat-Yaman ng Estado

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, ang mga kanditatong pang-federal at pang-estado ay may opsyon na magsumite ng pagsasalin ng kanilang pahayag ng kandidato. Walang isinumiteng pagsasalin ng mga pahayag ng kandidato. Makikita ang lahat ng argumento sa Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

## Abugadong Panlahat

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, ang mga kanditatong pang-federal at pang-estado ay may opsyon na magsumite ng pagsasalin ng kanilang pahayag ng kandidato. Walang isinumiteng pagsasalin ng mga pahayag ng kandidato. Makikita ang lahat ng argumento sa Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

## Hukom ng Korte Suprema, posisyon 1

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, ang mga kanditatong pang-federal at pang-estado ay may opsyon na magsumite ng pagsasalin ng kanilang pahayag ng kandidato. Walang isinumiteng pagsasalin ng mga pahayag ng kandidato. Makikita ang lahat ng argumento sa Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

## Hukom ng Korte Suprema, posisyon 7

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, ang mga kanditatong pang-federal at pang-estado ay may opsyon na magsumite ng pagsasalin ng kanilang pahayag ng kandidato. Walang isinumiteng pagsasalin ng mga pahayag ng kandidato. Makikita ang lahat ng argumento sa Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

Pinagsamang Resolusyon ng Kongreso 16 - Isinangguni noong ika-82 Regular na Sesyon 2023 ng Lehislatibong Kapulungan sa mga Botante ng Estado ng Oregon para sa kanilang pag-apruba o pagtanggi sa Nobyembre 5, 2024, Pangkalahatang Halalan.

# Panukalang-Batas 115

Aamyendahan ang Konstitusyon: Pahihintulutan ang Pagsasakdal ng mga Hinalal sa Tungkulin sa Buong Estado ng Lehislatura ng Oregon na may dalawang-katlong boto ng bawat kapulungan; magtatatag ng proseso.

**Resulta ng Botong “Yes” (Oo):** Sa botong "Yes" (Oo), mapahihintulutan at maitatatag ang isang prosesong magbibigay-daan sa Lehislatura ng Oregon para magsakdal ng mga hinalal sa tungkulin sa buong estado; pasisimulan ng Kongreso ang pagsasakdal na may dalawang-katlong boto; lilitisin at hahatulan ng Senado nang may dalawang-katlong boto; pangangasiwaan ng Punong Hukom ng Korte Suprema ng Oregon (Oregon Supreme Court) ang paglilitis para sa pagsasakdal.

**Resulta ng Botong "No" (Hindi):** Sa botong "No" (Hindi), mananatili ang kasalukuyang batas na hindi nagpapahintulot sa Lehislatura ng Oregon na magsakdal at magtanggal ng mga hinalal sa tungkulin sa buong estado.

**Buod:** Aamyendahan ang Konstitusyon ng Oregon para bigyan ng kapangyarihan ang Kongreso o Kapulungan ng mga Kinatawan ng Oregon (Oregon House of Representatives) na magsakdal ng mga hinalal sa tungkulin sa buong estado sa sangay ng ehekutibo, at bigyan ng kapangyarihan ang Senado ng Oregon (Oregon Senate) na litisin ang isang pagsasakdal na natanggap mula sa Kongreso. Sa kasalukuyan, ang mga hinalal sa tungkulin sa buong estado sa sangay ng ehekutibo ay ang Gobernador, Kalihim ng Estado, Ingat-Yaman ng Estado, Abugadong Panlahat at Komisyonado ng Kawanihan ng Paggawa at Industriya (Bureau of Labor and Industries). Sa ngayon, ang tanging paraan para matanggal ang mga opisyal na ito ay sa pamamagitan ng halalan para sa pagbawi. Binibigyang-daan ng panukalang-batas ang Kongreso na magsakdal dahil sa maling gawain, tiwaling pag-uugali sa katungkulan, sadyang pagpapabaya sa tungkuling naaayon sa konstitusyon o iba pang krimen o mabigat na krimen. Nangangailangan ng botong "yes" (oo) na hindi bababa sa dalawang-katlo (40) ng mga Kinatawan upang maipadala sa Senado ang resolusyon para sa pagsasakdal. Kailangang magsagawa ang Senado ng paglilitis para sa pagsasakdal at nangangailangan ng botong "yes" (oo) na hindi bababa sa dalawang-katlo (20) ng mga Senador para makapaghatol. Ang Punong Hukom ng Korte Suprema ng Oregon (Oregon Supreme Court) ang mamumuno sa isang paglilitis para sa pagsasakdal. Ang isang nahatulang opisyal ay tatanggalin sa katungkulan at deskalipikado sa ibang katungkulang pampubliko.

**Pagtatantya ng Epekto sa Pananalapi**: Aamyendahan ng panukalang-batas na ito ang konstitusyon para pahintulutan ang Kongreso o Kapulungan ng mga Kinatawan na magsakdal ng mga hinalal sa tungkulin sa buong estado. Ang panukalang-batas na ito ay nag-aatas sa Senado na litisin ang anumang pagsasakdal na matatanggap mula sa

Kongreso. Ang Punong Hukom ang mamumuno sa paglilitis. Sa pamahalaan ng estado, hindi matitiyak ang epekto sa pananalapi dahil ang mga paglilitis para sa pagsasakdal ay walang takdang haba at maaaring mangyari sa labas ng mga regular na nakaiskedyul na sesyon. Sa mga lokal na pamahalaan, walang epekto sa pananalapi.

**Mga Miyembro ng Komite:**
Kalihim ng Estado LaVonne Griffin-Valade
Ingat-Yaman ng Estado Tobias Read
Berri Leslie, Direktor, Kagawaran ng mga Serbisyong Administratibo (Department of Administrative Services)
Betsy Imholt, Direktor, Kagawaran ng Rentas (Department of Revenue)
Ernest Stephens, Kinatawan ng isang Lungsod, county or distrito na may kadalubhasaan sa pananalapi ng lokal na pamahalaan

(*Ang pagtatantya ng epekto sa pananalapi ay ibinigay ng komiteng nabanggit sa itaas alinsunod sa ORS 250.127.*)

**Pagpapaliwanag na Pahayag:** (Ng Komite ng Lehislatibong Tagapayo alinsunod sa ORS 251.225.).

Aamyendahan ng Panukalang-Batas sa Balota 115 ang Konstitutsyon ng Oregon para bigyan ng kapangyarihan ang Kongreso o Kapulungan ng mga Kinatawan ng Oregon (Oregon House of Representatives) na magsakdal ng mga hinalal sa tungkulin sa buong estado sa sangay ng ehekutibo, at bigyan ng kapangyarihan ang Senado ng Oregon (Oregon Senate) na litisin ang isang pagsasakdal na natanggap mula sa Kongreso o Kapulungan ng mga Kinatawan.

Kasalukuyang ipinauubaya ng Konstitusyon ng Oregon sa mga botante ang kapangyarihan sa pagbawi sa mga pampublikong opisyal, kabilang ang mga hinalal sa tungkulin sa buong estado sa sangay ng ehekutibo, ngunit hindi pinahihintulutan ang alinman sa kamara ng Lehislatibong Kapulungan na magsakdal ng mga hinalal sa tungkulin sa buong estado. Sa kasalukuyan, ang mga hinalal sa tungkulin sa buong estado sa sangay ng ehekutibo ay ang Gobernador, Kalihim ng Estado, Ingat-Yaman ng Estado, Abugadong Panlahat at Komisyonado ng Kawanihan ng Paggawa at Industriya (Bureau of Labor and Industries).

Pahihintulutan ng Panukalang-Batas sa Balota 115 ang Kongreso o Kapulungan ng mga Kinatawan na magsakdal ng isang hinalal sa tungkulin sa buong estado dahil sa maling gawain o tiwaling pag-uugali sa katungkulan, sadyang pagpapabaya sa tungkuling naaayon sa konstitusyon o iba pang krimen o mabigat na krimen. Hindi ang panukalang-batas ang nagtatakda ng mga kondisyong ito, na nagbibigay-daan sa Kongreso o Kapulungan ng mga Kinatawan upang tiyakin kung maituturing ang partikular na pag-uugali na isang paglabag na maisasakdal. Kailangan ng panukalang-

batas ng hindi bababa sa dalawang-katlo ng lahat ng Kinatawan (40 Kinatawan) upang maipasa ang isang resolusyon para sa pagsasakdal at maipadala ito sa Senado.

Binibigyang kapangyarihan ng Panukalang-Batas sa Balota 115 ang Senado na litisin ang anumang pagsasakdal na natanggap mula sa Kongreso o Kapulungan ng mga Kinatawan. Inaatasan ng panukalang-batas ang Punong Hukom ng Korte Suprema ng Oregon (Oregon Supreme Court) na pamunuan ang isang paglilitis para sa pagsasakdal. Kailangan ng panukalang-batas ng hindi bababa sa dalawang-katlo ng lahat ng Senador (20 Senador) para hatulan ang isang akusadong hinalal sa tungkulin sa buong estado. Kung mahatulan ang isang akusadong hinalal sa tungkulin sa buong estado, ang desisyon sa paghatol ay limitado sa opisyal na tatanggalin sa katungkulan at deskalipikadong humawak ng anumang katungkulang pampubliko sa estadong ito. Gayumpaman, hindi mapoprotektahan ng paghatol sa pagsasakdal sa ilalim ng panukalang-batas ang naisakdal na opisyal mula sa paglilitis sa kasong kriminal kaugnay ng pananagutang sibil.

**Mga Miyembro ng Komite:**
Senador Tim Knopp, **Inatasan ng:** Presidente ng Senado
Senador Kate Lieber, **Inatasan ng:** Presidente ng Senado
Senador James Manning Jr., **Inatasan ng:** Presidente ng Senado
Kumatawan Ben Bowman, **Inatasan ng:** Tagapagsalita ng Kongreso o Kapulungan ng mga Kinatawan
Kinatawan sa Kongreso Paul Holvey, **Inatasan ng:** Tagapagsalita ng Kongreso o Kapulungan ng mga Kinatawan
Kinatawan sa Kongreso Kim Wallen, **Inatasan ng:** Tagapagsalita ng Kongreso o Kapulungan ng mga Kinatawan

(*Ang komiteng nabanggit sa itaas ay inatasang magbigay ng walang pinapanigang paliwanag hinggil sa panukalang-batas sa balota alinsunod sa Chapter 366, Batas ng Oregon (2023)*)

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, ang mga naghahain ng argumento bilang suporta sa o pagtutol sa mga panukalang-batas ng estado ay may opsyon na magsumite ng pagsasalin ng kanilang argumento. Walang isinumiteng mga pagsasalin ng mga argumento. Makikita ang lahat ng argumento sa Ingles sa *oregonvotes.gov/VotersPamphlet.*

Pinagsamang Resolusyon ng Senado 34 - Isinangguni noong ika-82 Regular na Sesyon 2023 ng Lehislatibong Kapulungan sa mga Botante ng Estado ng Oregon para sa kanilang pag-apruba o pagtanggi sa Nobyembre 5, 2024, Pangkalahatang Halalan.

# Panukalang-Batas 116

Aamyendahan ang Konstitusyon: Magtatatag ng “Independent Public Service Compensation Commission" (Independiyenteng Komisyon para sa Kompensasyon sa Pampublikong Serbisyo) upang Maitakda ang mga Sahod para sa mga Tinukoy na Opisyal; Aalisin ang Lehislatibong Kapangyarihan sa pagtakda ng naturang mga sahod.

**Resulta ng Botong “Yes" (Oo):** Sa botong "Yes" (Oo), aamyendahan ang Konstitusyon ng Oregon upang magtatag ng isang komisyon para magtakda ng mga sahod na binabayaran ng estado sa mga tinukoy na opisyal, na papalit sa kasalukuyang kasanayan sa pagtatatag ng mga naturang sahod sa pamamagitan ng lehislasyon; nakasaad na awtomatikong popondohan ang mga pagpapasiya ng komisyon.

**Resulta ng Botong "No" (Hindi):** Sa botong "No" (Hindi), mananatili ang kasalukuyang batas kung saan ang mga binabayarang sahod ng estado sa mga tinukoy na opisyal ay itinatakda sa pamamagitan ng lehislasyon.

**Buod:** Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang mga binabayarang sahod ng estado sa maraming pampublikong opisyal ay itinatakda batay sa kasulatang batas at maaari lamang baguhin sa pamamagitan ng lehislasyon. Pahihintulutan ng panukalang-batas na ito ang pagtatatag ng isang lupon na tatawaging  Independiyenteng Komisyon para sa Kompensasyon sa Pampublikong Serbisyo (Independent Public Service Compensation Commission) para magtakda ng mga sahod na binabayaran ng estado sa Gobernador, Kalihim ng Estado, Ingat-Yaman ng Estado, Abugadong Panlahat, Komisyonado ng Kawanihan ng Paggawa at Industriya (Bureau of Labor and Industries), mga hukom ng Korte Suprema, mga hukom ng iba pang mga korte sa ilalim ng pangangasiwa ng sangay ng hudikatura ng pamahalaan ng estado, mga Senador ng estado, mga Kinatawan ng estado at mga abogado ng distrito. Ang mga pagpapasiya ng komisyon ay hindi sasailalim sa pagsusuri o pagbabagong gagawin ng Lehislatibong Kapulungan, Gobernador o sinumang opisyal. Nakasaad sa panukalang-batas na ang pagiging miyembro ng komisyon ay itatatag sa pamamagitan ng batas, kaya lang ang mga sumusunod na klase ng mga indibidwal ay hindi kwalipikadong maging miyembro: mga opisyal at empleyado ng estado, mga taong nagla-lobby at mga miyembre ng pamilya ng naturang mga opisyal, empleyado at taong nagla-lobby. Nakasaad sa panukalang-batas na ang mga perang sapat para pambayad sa mga pagtatakda ng sahod ng komisyon ay awtomatikong kukunin mula sa Pangkalahatang Pondo nang wala ng kinakailangan pang paglalaan sa pamamagitan ng batas.

**Pagtatantya ng Epekto sa Pananalapi:** Aamyendahan ng panukalang-batas na ito ang Konstitusyon upang lumikha ng isang Komisyon na responsable sa pagpapasya sa mga sahod ng ilang hinalal sa tungkulin. Ang pera para sa mga sahod ay magmumula sa Pangkalahatang Pondo. Hindi ang panukalang-batas mismo ang magpapasya sa mga perang kailangan para mabayaran ang mga sahod. Ang epekto sa pananalapi sa estado, hinggil sa mga napiling sahod at kawani ng komisyon, ay hindi matitiyak. Sa mga lokal na pamahalaan, walang epekto sa pananalapi.

**Mga Miyembro ng Komite:**
Kalihim ng Estado LaVonne Griffin-Valade
Ingat-Yaman ng Estado Tobias Read
Berri Leslie, Direktor, Kagawaran ng mga Serbisyong Administratibo (Department of Administrative Services)
Betsy Imholt, Direktor, Kagawaran ng Rentas (Department of Revenue)
Ernest Stephens, Kinatawan ng isang Lungsod, county or distrito na may kadalubhasaan sa pananalapi ng lokal na pamahalaan

(*Ang pagtatantya ng epekto sa pananalapi ay ibinigay ng komiteng nabanggit sa itaas alinsunod sa ORS 250.127.*)

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Ng Pinagsamang Komite hinggil sa Mga Titulo ng Panukalang-Batas sa Balota at mga Pagpapaliwanag na Pahayag alinsunod sa seksyon 1, chapter 366, mga Batas ng Oregon 2023.

Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang mga mambabatas ang nagtatakda ng sarili nilang sahod, gayundin ang mga sahod na binabayaran ng estado sa maraming pampublikong opisyal, ayon sa kasulatang batas. Maaari lamang baguhin ang mga sahod sa pamamagitan ng lehislasyon.

Aamyendahan ng Panukalang-Batas sa Balota 116 ang Konstitusyon ng Oregon upang magtatag ng isang bagong lupon na tatawaging Independiyenteng Komisyon para sa Kompensasyon sa Pampublikong Serbisyo (Independent Public Service Compensation Commission) na magtatakda ng mga sahod na binabayaran ng estado sa Gobernador, Kalihim ng Estado, Ingat-Yaman ng Estado, Abugadong Panlahat, Komisyonado ng Kawanihan ng Paggawa at Industriya (Bureau of Labor and Industries), mga hukom ng Korte Suprema, mga hukom ng iba pang mga korte sa ilalim ng pangangasiwa ng sangay ng hudikatura ng pamahalaan ng estado, mga Senador ng estado, mga Kinatawan ng estado at mga abogado ng distrito. Ang mga pagpapasya hinggil sa sahod ng komisyon ay magiging pinal at hindi sasailalim sa pagsusuri o pagbabago ng Lehislaturang Kapulungan, Gobernador o sinumang opisyal.

Ipagbabawal ng panukalang-batas ang mga opisyal at empleyado ng estado, taong nagla-lobby at mga miyembro ng pamilya ng naturang mga opisyal, empleyado at taong nagla-lobby na maglingkod sa Independiyenteng Komisyon para sa Kompensasyon sa Pampublikong Serbisyo (Independent Public Service Compensation Commission). Pahihintulutan ng panukalang-batas ang Lehislatibong Kapulungan na magtatag ng mga karagdagang klase ng mga indibidwal na hindi kwalipikadong maging miyembro ng komisyon. Itatatag ayon sa batas ang pagiging miyembro ng komisyon.
Nakasaad sa panukalang-batas na ang mga perang sapat para pambayad sa mga sahod na itinakda ng Independiyenteng Komisyon para sa Kompensasyon sa Pampublikong Serbisyo (Independent Public Service Compensation Commission) ay awtomatikong kukunin mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado nang wala ng kinakailangang aksyon ng Lehislatibong Kapulungan, Gobernador o sinumang opisyal. Isa itong eksepsiyon sa pangkalahatang kinakailangan sa Artikulo IX, seksyon 4, ng Konstitusyon ng Oregon, na ang paglalaan sa pamamagitan ng batas ay kailangan para gamitin ang pera mula sa Ingatang-Yaman ng Estado.

**Mga Miyembro ng Komite:**
Senador Tim Knopp, **Inatasan ng:** Presidente ng Senado
Senador Kate Lieber, **Inatasan ng:** Presidente ng Senado
Senador James Manning Jr., **Inatasan ng:** Presidente ng Senado
Kinatawan sa Kongreso Ben Bowman, **Inatasan ng:** Tagapagsalita ng Kongreso o Kapulungan ng mga Kinatawan
Kinatawan sa Kongreso Paul Holvey, **Inatasan ng:** Tagapagsalita ng Kongreso o Kapulungan ng mga Kinatawan
Kinatawan sa Kongreso Kim Wallen, **Inatasan ng:** Tagapagsalita ng Kongreso o Kapulungan ng mga Kinatawan

(*Ang komiteng nabanggit sa itaas ay inatasang magbigay ng walang pinapanigang paliwanag hinggil sa panukalang-batas sa balota alinsunod sa Chapter 366, Batas ng Oregon (2023)*)

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, ang mga naghahain ng argumento bilang suporta sa o pagtutol sa mga panukalang-batas ng estado ay may opsyon na magsumite ng pagsasalin ng kanilang argumento. Walang isinumiteng mga pagsasalin ng mga argumento. Makikita ang lahat ng argumento sa Ingles sa *oregonvotes.gov/VotersPamphlet*.

House Bill 2004 - Isinangguni noong ika-82 Regular na Sesyon 2023 ng Lehislatibong Kapulungan sa mga Botante ng Estado ng Oregon para sa kanilang pag-apruba o pagtanggi sa Nobyembre 5, 2024, Pangkalahatang Halalan.

# Panukalang-Batas 117

Nagbibigay sa mga botante ng opsyong iranggo ang mga kandidato ayon sa nagugustuhan; panalo ang kandidatong makatatanggap ng mayoryang boto.

**Resulta ng Botong “Yes" (Oo):**
Sa botong "Yes" (Oo), bibigyan ng opsyon ang mga botante na iranggo ang mga kandidato ayon sa nagugustuhan para sa mga tinukoy na katungkulang pederal at katungkulan sa buong estado.  Nagtatatag ng proseso para sa pagbilang ng mga boto bawat round, kung saan matatalo ang kandidatong nakatanggap ng pinakakaunting boto sa bawat round at mapupunta ang mga boto ng natalong kandidato sa susunod na aktibong kandidato ng botante na may mas mataas na ranggo.  Kinakailangang makatanggap ng mayoryang boto ang kandidato sa huling round ng pagboto para manalo sa halalan.

**Resulta ng Botong "No" (Hindi):**
Sa botong "No" (Hindi), mananatili ang kasalukuyang sistema ng pagboto.  Pipili ang botante ng isang kandidato para sa mga katungkulang pederal at katungkulan sa buong estado.  Mananalo ang kandidatong may pinakamaraming boto.  Hindi kailangan ang mayoryang boto para manalo ang kandidato sa halalan.

**Buod:**
Ang kasalukuyang batas ng estado ay nag-aatas sa mga botante na pumili lamang sa balota ng isang kandidato para sa bawat katungkulan.  Mananalo ang kandidatong may pinakamaraming boto matapos ang iisang kabuuan ng boto, kahit na hindi mayorya. Ang panukalang-batas na ito ay nagbibigay ng opsyon sa mga botante na iranggo ang mga kandidato gamit ang "pagboto ayon sa niranggong pagpipilian." Sa ilalim ng panukalang-batas, maaaring piliin ng mga botante na iranggo lamang ang isang kandidato o maraming kandidato para sa bawat katungkulan, gayundin ang pagsasama ng pangalan ng (mga) kandidato.  Binibilang ang mga boto tungo sa pinakamataas na ranggo ng kandidato ng bawat botante.  Kung walang kandidatong nakatanggap ng mayoryang boto, awtomatikong bibilangin ang mga boto nang ilang round.  Matatalo ang kandidatong makakatanggap ng pinakakaunting boto sa bawat round.  Ang mga boto ng natalong kandidato ay mapupunta sa susunod na kandidato ng botante na may pinakamataas na ranggo.  Magpapatuloy ang proseso hanggang sa makatanggap ng mayoryang boto ang isang kandidato.  Naaangkop ang panukalang-batas na ito sa nominasyon at halalan para sa Presidente, Senador ng Estados Unidos, Kinatawan sa Kongreso, Gobernador, Kalihim ng Estado, Ingat-Yaman ng Estado at Abugadong Panlahat, at halalan para sa Komisyonado ng Kawanihan ng Paggawa at Industriya

(Bureau of Labor and Industries). Ang panukalang-batas ay nag-aatas sa Kalihim ng Estado ng Oregon na magtatag ng isang programa para turuan ang mga botante sa kung paano isasagawa ang halalang may pagboto ayon sa niranggong pagpipillian. Pinahihintulutan ang mga lokal na pamahalaan na pagtibayin ang pagboto ayon sa niranggong pagpipillian sa halalan para sa mga lokal na katungkulan. Ang mga lokal na pamahalaan na pinagtibay ang pagboto ayon sa niranggong pagpipillian bago ang 2025 ay maaaring patuloy na gamitin ang kasalukuyang pamamaraan o baguhin ito. Ang panukalang-batas ay naaangkop sa mga halalan simula 2028.

**Pagtatantya ng Epekto sa Pananalapi:**
Ang panukalang-batas na ito ay nagtatatag ng pagboto ayon sa niranggong pagpipillian para sa pederal, estado, at ilang lokal na katungkulang napanalunan sa halalan. Kailangang gumawa ang Kalihim ng Estado ng mga patakaran para sa pagsasagawa ng pagboto ayon sa niranggong pagpipillian at turuan ang mga botante tungkol sa pagboto ayon sa niranggong pagpipillian. Ang Kalihim ng Estado at mga Kawani ng County ay kailangang magsumite ng dalawang ulat sa pansamantalang mga lehislatibong komite bago mag-Setyembre 15, 2026. Kung maipasa ng mga botante ng Oregon ang panukalang-batas, ang pagboto ayon sa niranggong pagpipillian ay kailangang ipatupad sa Enero 1, 2028.

Tinatayang gagastos ang pamahalaan ng estado ng $0.9 milyon batay sa panukalang-batas sa loob ng dalawang taong 2023-25. Ang gastos na ito ay pambayad sa mga kinakailangang kawani at serbisyo sa pagkonsulta para simulan ng Kalihim ng Estado ang pagpapatupad ng panukalang-batas. Sa loob ng dalawang taong 2025-27, tinatayang tataas sa $5.6 milyon ang gastos kaugnay ng panukalang-batas. Ito ay para maipagpatuloy ang pagpopondo sa mga kawani at mga serbisyo sa pagkonsulta, pati na rin ang pagtulong at mga pangangailangan sa IT.

Hindi gaanong matiyak ang gastos kaugnay ng panukalang-batas sa lokal na pamahalaan. Tinataya ng mga Kawani ng County na magkakahalaga ng $2.3 milyon sa simula ang panukalang-batas. Gagamitin ang pondong ito para pahusayin ang teknolohiya, sanayin ang mga tauhan, at subukan ang bagong sistema. Ang bawat halalan sa buong estado ay magkakahalaga ng karagdagang $1.8 milyon para sa dagdag na pag-imprenta at lohistika. Ang mga gastos sa software at kontrata sa pagpapanatili ay magkakahalaga ng karagdagang $0.4 milyon kada taon.

**Mga Miyembro ng Komite:**
Kalihim ng Estado LaVonne Griffin-Valade
Ingat-Yaman ng Estado Tobias Read
Berri Leslie, Direktor, Kagawaran ng mga Serbisyong Administratibo (Department of Administrative Services)
Betsy Imholt, Direktor, Kagawaran ng Rentas (Department of Revenue)

Ernest Stephens, Kinatawan ng isang Lungsod, county or distrito na may kadalubhasaan sa pananalapi ng lokal na pamahalaan

*(Ang pagtatantya ng epekto sa pananalapi ay ibinigay ng komiteng nabanggit sa itaas alinsunod sa ORS 251.127.)*

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

Babaguhin ng Panukalang-Batas 117 ang batas ng Oregon upang bigyan ng opsyon ang mga botante na iranggo ang mga kandidato ayon sa nagugustuhan gamit ang "pagboto ayon sa niranggong pagpipillian" para sa mga tinukoy na katungkulang pederal at katungkulan sa buong estado. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, isang kandidato lamang ang pipiliin ng mga botante para sa karamihan ng mga katungkulan, at ang kandidatong may pinakamaraming boto ang mananalo, kahit na hindi nakatanggap ng mayorya ang kandidato batay sa lahat ng boto. Sa pagboto ayon sa niranggong pagpipillian, maaaring iranggo ng botante ang mga kandidato para sa katungkulan ayon sa nagugustuhan. Maaaring piliin ng mga botante na iranggo ang maraming kandidato o isang kandidato lamang para sa bawat katungkulan, gayundin ang pagsasama ng pangalan ng (mga) kandidato. Binibilang ang mga boto nang ilang round. Sa unang round, kung nakatanggap ang isang kandidato ng mayorya ng pinakamataas na niranggong mga boto, mananalo ang kandidato. Kung walang kandidatong nakatanggap ng mayorya ng pinakamataas na niranggong mga boto sa unang round, awtomatikong bibilangin ang mga boto ng may karagdagang mga round. Matatalo ang kandidatong makakatanggap ng pinakakaunting boto sa bawat round at ang mga boto ng natalong kandidato ay mapupunta sa susunod na kandidato ng botante na may pinakamataas na ranggo. Magpapatuloy ang proseso hanggang sa makatanggap ng mayoryang boto ang isang kandidato.

Ang Panukalang-Batas 117 ay nag-aatas sa Kalihim ng Estado ng Oregon na magtatag ng isang programa para turuan ang mga botante sa kung paano isasagawa ang halalang may pagboto ayon sa niranggong pagpipillian. Kailangan na mayroong programa sa wikang Ingles at sa limang pinakakaraniwang ginagamit na wika sa estadong ito.

Naaangkop ang Panukalang-Batas sa Balota 117 sa nominasyon ng malalaking partidong pampolitika para sa Presidente, Senador ng Estados Unidos, Kinatawan sa Kongreso, Gobernador, Kalihim ng Estado, Ingat-Yaman ng Estado at Abugadong Panlahat. Ang panukalang-batas ay naaangkop sa halalan para sa Presidente at Bise Presidente, Senador ng Estados Unidos, Kinatawan sa Kongreso, Gobernador, Kalihim ng Estado, Ingat-Yaman ng Estado, Abugadong Panlahat, at Komisyonado ng Kawanihan ng Paggawa at Industriya (Bureau of Labor and Industries). Tinatanggal ng panukalang-batas ang pangunahing halalan ng mga malalaking partido para sa

Komisyonado ng Kawanihan ng Paggawa at Industriya (Bureau of Labor and Industries).

Ang Panukalang-Batas sa Balota 117 ay nagbibigay-daan sa mga lokal na pamahalaan na pagtibayin ang pagboto ayon sa niranggong pagpipillian sa halalan para sa mga lokal na katungkulan at mga pangunahing halalan ng mga malalaking partido para sa makapartidong lokal na katungkulan. Ang panukalang-batas ay nag-aatas sa Kalihim ng Estado, nang may pagsangguni sa mga kawani ng county at mga opisyal ng halalan, na magpatupad ng mga patakaran at magbigay ng pangkalahatang patnubay sa mga lokal na pamahalaan hinggil sa pagpapatupad ng pagboto ayon sa niranggong pagpipillian. Pinahihintulutan ng panukalang-batas ang mga hurisdiksyon ng pansariling pamamahala na pinagtibay na ang pagboto ayon sa niranggong pagpipillian bago ang 2025 na patuloy na gamitin ang kanilang kasalukuyang pamamaraan, o baguhin ito.

Ang Panukalang-Batas sa Balota 117 ay nag-aatas sa Kalihim ng Estado at mga kawani ng county na suriin ang mga batas na panghalalan ng estado para malaman kung ang mga batas na iyon ay hindi naaayon sa pagpapatupad ng pagboto ayon sa niranggong pagpipillian, at upang magbigay ng mga report na maaakses ng publiko na tumatalakay sa pagsusuri na iyon at ang mga inaasahang gastusin na kinakailangan para ipatupad ang panukalang-batas.

Naaangkop ang Panukalang-Batas sa Balota 117 sa mga nominasyon at halalan sa o pagkatapos ng Enero 1, 2028

**Mga Miyembro ng Komite:**
Senador Tim Knopp*, **Inatasan ng:** Presidente ng Senado
Senador Kate Lieber, **Inatasan ng:** Presidente ng Senado
Senador James Manning Jr., **Inatasan ng:** Presidente ng Senado
Kinatawan sa Kongreso Ben Bowman, **Inatasan ng:** Tagapagsalita ng Kongreso o Kapulungan ng mga Kinatawan Paul Holvey, **Inatasan ng:** Tagapagsalita ng Kongreso o Kapulungan ng mga Kinatawan
Kinatawan sa Kongreso Kim Wallen*, **Inatasan ng:** Tagapagsalita ng Kongreso o Kapulungan ng mga Kinatawan

* Hindi sumasang-ayon ang miyembro (hindi sumasang-ayon sa pagpapaliwanag na pahayag)

*(Ang komiteng nabanggit sa itaas ay inatasang magbigay ng walang pinapanigang paliwanag hinggil sa panukalang-batas sa balota alinsunod sa Chapter 366, Batas ng Oregon (2023)*.)

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, ang mga naghahain ng argumento bilang suporta sa o pagtutol sa mga panukalang-batas ng estado ay may opsyon na magsumite ng

pagsasalin ng kanilang argumento. Walang isinumiteng mga pagsasalin ng mga argumento. Makikita ang lahat ng argumento sa Ingles sa *oregonvotes.gov/VotersPamphlet*.

Iminungkahi sa pamamagitan ng petisyon para sa inisyatiba na pagbobotohan sa Pangkalahatang Halalan, Nobyembre 5, 2024.

# Panukalang-Batas 118

Magdaragdag ng pinakamataas na minimum na buwis sa kita ng korporasyon; ipamamahagi ang pondo sa buwis sa mga kwalipikadong indibidwal; papalitan ng estado ang mga binawasang pederal na benepisyo.

**Resulta ng Botong “Yes" (Oo):** Sa botong "Yes" (Oo), magdaragdag ng minimum na buwis sa kita ng korporasyon para sa mga benta nito sa Oregon na lampas $25,000,000; aalisin ang hangganan sa buwis (tax cap); ipamamahagi ang pondo sa buwis sa mga kwalipikadong indibidwal; papalitan ng estado ang mga binawasang pederal na benepisyo.

**Resulta ng Botong "No" (Hindi):** Sa botong “No" (Hindi), mananatili ang umiiral na minimum na buwis sa kita ng korporasyon para sa mga ibinebenta sa Oregon; nagpapataw ng magkakaibang halaga ng buwis ang labindalawang bracket sa pagbubuwis (tax bracket), na hindi lalampas sa $100,000 buwis sa mga benta na mahigit $100,000,000.

**Buod:**
Ang kasalukuyang batas ay nag-aatas sa mga korporasyon na magbayad ng mas mataas na buwis sa kitang dapat buwisan o minimum na buwis sa kita ng korporasyon. Maliban sa mga S na korporasyon, itinakda ng bracket ng pagbubuwis (tax bracket) ang pinakamababang halaga ng buwis batay sa mga benta ng korporasyon sa Oregon; hindi lalampas ang minimum na buwis sa $100,000 para sa $100,000,000 o higit pang benta. Simula 2025, aalisin ng panukalang-batas ang pinakamababang hangganan sa buwis; tataasan ang minimum na buwis sa lahat ng korporasyon na may benta sa Oregon na lampas $25,000,000 sa pamamagitan ng pagpapataw ng karagdagang buwis na 3% para sa mga benta na mahigit $25,000,000. Ang panukalang-batas ay nag-aatas sa Kagawaran ng Rentas (Department of Revenue) na pantay na ipamahagi ang tumaas na pondo sa buwis (na may bawas ng ilang gastusin) sa lahat ng indibidwal na naninirahan nang mahigit 200 araw kada taon sa Oregon. Ang pamamahagi ng pondo sa buwis ay hindi nakaaapekto sa kwalipikasyon ng indibidwal para sa mga benepisyo ng estado; kailangan ng panukalang-batas ng pamalit sa binawasang mga pederal na benepisyo kung negatibong makaaapekto ang pamamahagi sa mga benepisyo ng indibidwal na sakop ng anumang programang batay sa pangangailangan. Iba pang mga probisyon.

**Pagtatantya ng Epekto sa Pananalapi:** Ang panukalang-batas ay nagtatatag ng bagong gross receipts tax bilang pinakamababang buwis para sa ilang korporasyon. Ayon sa Lehislatibong Opisina ng Rentas, kabilang sa mga hindi direktang gastusing ekonomiko ng panukalang-batas ang 1.3 porsiyentong pagtaas sa mga presyo ng mga bilihin at serbisyo at mga pagbabawas sa mga trabaho, sahod at personal na kita. Ang

mga pondo mula sa buwis sa kita ng korporasyon (corporate tax revenues) ay tinatayang tataas ng $1.3 bilyon sa 2023-25, $14.7 bilyon sa 2025-27, at $15.6 bilyon sa 2027-29.

Gagamitin ang bagong nalikom na pondo sa buwis para magbigay ng taunang balik-bayad (rebate) sa mga kwalipikadong indibidwal sa Oregon. Tinatayang nasa $13.6 bilyon ang kakailanganin para sa mga pamamahagi ng balik-bayad (rebate) sa 2025-2027 at tinatayang nasa $17.1 bilyon ang kakailanganin sa 2027-29. Ang mga gastos na pampangasiwaan at anumang karagdagang pagbabayad ay ibabawas mula sa halagang ipamamahagi.

Ang mga natukoy na gastos na pampangasiwaan ay tinatayang nasa $1.6 milyong Pangkalahatang Pondo at 22 permanenteng posisyon sa loob ng dalawang taong 2023-25 at $48.2 milyong Pangkalahatang Pondo at karagdagang 199 permanenteng posisyon sa loob ng dalawang taong 2025-27 sa Kagawaran ng Rentas ng Oregon (Oregon Department of Revenue). Magdudulot ang panukalang-batas ng maraming gawaing magpapataas sa pagpoproseso ng mga aplikasyon para sa balik-bayad (rebate), pagpapatunay ng pagkakakilanlan at kwalipikasyon ng mga nag-aaplay para sa mga balik-bayad (rebate), pagrebyu sa mga pagbabayad at pagbabalik ng buwis kaugnay ng pandarayang gawain, pag-aasikaso ng mga apela, pagdami ng mga katanungan ng customer, pagtaas ng aktibidad sa pag-audit at pangongolekta para sa bagong buwis, at pagtaas ng programming sa teknolohiya. Hindi batid ang ibang pangunahing gastusin ngunit maaaring malaki tulad ng mga pagbabayad para sa mga tseke pang-balik-bayad (rebate), prepaid debit card, pagpapadala sa koreo kaugnay ng programa, mga pambayad para sa gawaing legal, at mga gastos sa pampublikong impormasyon.

Ang mga indibidwal na nawalan ng mga pederal na benepisyo dahil sa balik-bayad (rebate) ay walang pananagutan na may mga karagdagang kabayaran. Hindi batid ang mga gastos kaugnay ng probisyong ito.
Ang mga balik-bayad (rebate) na tinanggihan ng mga kwalipikadong indibidwal ay magagamit upang pondohan ang mga serbisyo para sa mga matatandang mamamayan, pangangalagang pangkalusugan, at pampublikong early childhood education hanggang high school. Hindi batid ang epekto mula sa mga tinanggihang balik-bayad (rebate) na ito.

Kasunod ng paunang pagsasagawa nito, inaasahang hihigitan ng kabuuang gastos sa loob ng dalawang taon ng programa sa balik-bayad (rebate) ang bagong kikitain sa loob ng dalawang taon. Ang mga tinatayang di-tuwirang epekto sa pondo mula sa buwis sa personal na kita ay mga pagbawas na $12 milyon sa 2023-25, $199 milyon sa 2025-27, at $207 milyon sa 2027-29. Panghuli, tinatayang mababawasan ng mga pagbabago sa ekonomiya ang kita ng estado ng humigit-kumulang $11 milyon sa 2023-25, $150 milyon sa 2025-27 at $400 milyon sa 2027-29.

Tinatayang tataas ang balik-bayad (rebate) sa buwis (corporate kicker) ng $1.3 bilyon sa 2025-27, at mababawasan ang mga paglilipat sa Pondo sa Oras ng Kagipitan (Rainy Day Fund) mula sa Pangkalahatang Pondo.

Hindi batid ang epekto sa mga lokal na pamahalaan.

**Mga Miyembro ng Komite:**
Kalihim ng Estado LaVonne Griffin-Valade
Ingat-Yaman ng Estado Tobias Read
Berri Leslie, Direktor, Kagawaran ng mga Serbisyong Administratibo (Department of Administrative Services)
Betsy Imholt, Direktor, Kagawaran ng Rentas (Department of Revenue)
Ernest Stephens, Kinatawan ng isang Lungsod, county or distrito na may kadalubhasaan sa pananalapi ng lokal na pamahalaan

*(Ang pagtatantya ng epekto sa pananalapi ay ibinigay ng komiteng nabanggit sa itaas alinsunod sa ORS 250.127.)*

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**
Tataasan ng Panukalang-Batas sa Balota 118 ang pinakamababang buwis sa kita ng korporasyon para sa anumang korporasyong may taunang benta sa Oregon na mahigit $25 milyon, gaya ng iniulat sa isang tax return para sa taon. Ang kita mula sa pagtaas ng buwis ay gagamitin upang magbigay ng pantay na mga balik-bayad (rebate) sa buwis o mga pagbabayad ng cash sa mga kwalipikadong indibidwal na naninirahan sa Oregon. Ang pagtaas sa pinakamababang buwis sa kita ng korporasyon ay tatlong porsyento ng taunang benta ng korporasyon sa Oregon na mahigit $25 milyon.

Naaangkop ang panukalang-batas sa "C," "B," at iba pang mga korporasyon na karaniwang nagbabayad ng mga buwis sa kita o lahat ng kinokonsumo (excise), at sa mga "S" na korporasyon, na sa pangkalahatan ay hindi direktang nagbabayad ng mga buwis sa antas ng korporasyon. Sa kasalukuyan, ang mga korporasyon maliban sa mga S na korporasyon ay dapat magbayad ng buwis batay sa kitang dapat buwisan sa korporasyon, o ng naaangkop na minimum na buwis sa kita ng korporasyon, alinman ang mas malaki. Ang minimum na buwis sa kita ng korporasyon ay kasalukuyang umaabot mula $150 hanggang $100,000 kada taon, batay sa halaga ng mga benta ng isang korporasyon sa Oregon. Halimbawa, ang isang korporasyon, maliban sa isang S na korporasyon, na may taunang benta sa Oregon sa pagitan ng $25 milyon at $50 milyon ay nagbabayad ng minimum na buwis na $30,000 kada taon. Nililimitahan ng kasalukuyang batas ang pinakamababang buwis sa $100,000 kada taon para sa mga korporasyong may benta sa Oregon na $100 milyon o higit pa. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang isang S na korporasyon sa Oregon ay nagbabayad ng $150 taun-taon, nang hindi isinasaalang-alang ang benta.

Ang Panukalang-Batas 118 ay nagpapataw ng pagtaas ng buwis sa mga korporasyon, kabilang ang mga S na korporasyon, na may benta sa Oregon na mahigit $25 milyon

kada taon, sa halagang tatlong porsyento ng mga benta sa Oregon na mahigit $25 milyon. Bukod pa ito sa kasalukuyang mga minimum na buwis sa kita ng korporasyon.

Kinakailangan ng Panukalang-Batas 118 ang pagtaas sa minimum na pondo sa buwis sa kita ng korporasyon nang may balik-bayad (rebate) na magkakatumbas ang halaga sa sinumang indibidwal na nanirahan sa Oregon sa loob ng 200 araw batay sa nakaraang taon ng kalendaryo na may mga eksepsiyon para sa mga kapanganakan at pagkamatay. Ang mga indibidwal na may mga kwalipikadong taong umaasa sa kanila (dependent) o batang inaalagaan ay nakatatanggap ng mga balik-bayad (rebate) para sa mga taong iyon. Itinatakda ng Kagawaran ng Rentas (Department of Revenue DOR) ang halagang magagamit para sa balik-bayad (rebate) kada taon.

Nakasaad sa panukalang-batas na (1) ang kita mula sa hindi kinuhang mga balik-bayad (rebate) ay ilalagay sa susunod na taon at (2) hinggil sa tinanggihang mga balik-bayad (rebate), dapat ilaan ng lehislatura ang perang di-nagsilbing balik-bayad (rebate) sa mga serbisyo para sa mga matatandang mamamayan, pangangalagang pangkalusugan, pampublikong early childhood education at edukasyon sa pampublikong kindergarten hanggang grade 12.

Ang mga binayarang rebate sa ilalim ng panukalang-batas na ito ay hindi napapailalim sa pagbubuwis ng estado at hindi nakaaapekto sa kwalipikasyon para sa mga programa ng estado kaugnay ng benepisyo. Ang panukalang-batas ay nag-aatas sa Kagawaran ng Mga Serbisyong Pantao (Department of Human Services) na humingi ng mga waiver mula sa pederal na pamahalaan para sa mga tumatanggap na nakikibahagi sa mga natukoy na programa kaugnay ng pederal na benepisyo, upang hindi mabawasan ang kanilang mga benepisyo. Kung tatanggihan ng pederal na pamahalaan ang mga waiver, aatasan ng panukalang-batas ang DOR na bayaran ang mga kalahok sa programa kaugnay ng pederal na benepisyo para sa nabawasang mga benepisyo nila. Ang mga halagang ibinayad ay dapat pondohan lamang ng mga kita mula sa pagtaas ng buwis na ipinataw ng panukalang-batas.

Ang panukalang-batas ay nagbibigay panuto sa pangangasiwa at kwalipikasyon para sa balik-bayad (rebate), at patuloy na inilalaan ang pagpopondo sa DOR para sa pangangasiwa.

Naaangkop ang panukalang-batas sa 2025 at mas huling mga taon ng pagbubuwis at pinahihintulutang maibigay ang mga balik-bayad (rebate) simula 2026.

**Mga Miyembro ng Komite:**
Antonio Gisbert, **Inatasan ng:** Mga Pangunahing Nagpepetisyon
Dan Meek, **Inatasan ng:** Mga Pangunahing Nagpepetisyon
Angela Wilhems, **Inatasan ng:** Kalihim ng Estado
Jenny Dressler, **Inatasan ng:** Kalihim ng Estado
Corey Streisinger, **Inatasan ng:** Mga Miyembro ng Komite

*(Ang komiteng nabanggit sa itaas ay inatasang magbigay ng walang pinapanigang paliwanag hinggil sa panukalang-batas sa balota alinsunod sa ORS 251.215).*

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, ang mga naghahain ng argumento bilang suporta sa o pagtutol sa mga panukalang-batas ng estado ay may opsyon na magsumite ng pagsasalin ng kanilang argumento. Walang isinumiteng mga pagsasalin ng mga argumento. Makikita ang lahat ng argumento sa Ingles sa *oregonvotes.gov/VotersPamphlet*.

Iminungkahi sa pamamagitan ng petisyon para sa inisyatiba na pagbobotohan sa Pangkalahatang Halalan, Nobyembre 5, 2024.

# Panukalang-Batas 119

Ang mga nagtitinda/taga-proseso ng cannabis ay dapat manatiling walang pinapanigan kaugnay ng mga komunikasyon sa kanilang mga empleyado mula sa mga organisasyon sa paggawa; mga parusa.

**Resulta ng Botong “Yes" (Oo):** Sa botong "Yes" (Oo), kailangan ng mga nagtitinda/taga-proseso ng cannabis na sumang-ayon na manatiling walang pinapanigan kapag nakikipag-usap ang mga organisasyon sa paggawa sa mga empleyado tungkol sa mga karapatan kaugnay ng sama-samang pakikipag-ayos (collective bargaining); posibleng mga parusa kaugnay ng paglilisensya/pagsertipika.

**Resulta ng Botong "No" (Hindi):** Sa botong "No" (Hindi), mananatili ang mga kasalukuyang batas sa paggawa; walang kinakailangang pagsang-ayon mula sa mga nagtitinda/taga-proseso ng cannabis na manatiling walang pinapanigan sa mga pag-uusap sa pagitan ng kanilang mga empleyado at mga organisasyon sa paggawa.

**Buod:**
Karaniwang ginagarantiyahan ng kasalukuyang batas ang mga karapatan ng mga empleyado na mag-organisa at sama-samang makipag-ayos. Iniaatas ng panukalang-batas ang kasunduan sa pagitan ng mga nagtitinda/taga-proseso ng cannabis at isang organisasyon sa paggawa na akma sa kahulugan ng organisasyon sa paggawa na nakasaad sa Pambansang Batas sa Ugnayang Paggawa at ang mga operasyon nito ay hiwalay sa nagtitinda/taga-proseso. Kahit paano, dapat atasan ng kasunduan ang nagtitinda/taga-proseso na mananatiling walang pinapanigan kapag ang mga kinatawan ng organisasyon sa paggawa ay nakikipag-usap sa mga empleyado tungkol sa mga karapatan sa sama-samang pakikipag-ayos (collective bargaining). Dapat iatas ng Komisyon sa Alak at Cannabis ng Oregon (Oregon Liquor and Cannabis Commission) ang naturang nilagdaang kasunduan o pagpapatunay ng nasabing kasunduan, bukod pa sa umiiral na mga kinakailangang paglilisensya o pagsertipika sa mga nagtitinda/taga-proseso ng cannabis. Ang pagkabigong magkaroon ng nilagdaang kasunduan o pagpapatunay, o pagsunod sa kasunduan, ay maaaring magdulot ng mga parusa, kabilang ang mga multa o pagtanggi, pagkasuspinde, o pagbawi ng lisensya o sertipiko ng nagtitinda/taga-proseso.

**Pagtatantya ng Epekto sa Pananalapi:**
Madadagdagan ng panukalang-batas na ito ang mga gastos ng pamahalaan ng estado ng humigit-kumulang $0.6 milyon sa unang taon. Ang mga patuloy na gastos ay tataas ng humigit-kumulang $0.8 milyon bawat kasunod na taon. Kabilang sa mga tinatayang gastos ang anim na bagong posisyon para beripikahin ang mga dokumento sa aplikasyon at subaybayan ang pagsunod. Ang pagtaas ng mga gastos ay babayaran mula sa mga singil sa aplikasyon ng lisensya. Sa mga lokal na pamahalaan, walang epekto sa pananalapi.

**Mga Miyembro ng Komite:**
Kalihim ng Estado LaVonne Griffin-Valade
Ingat-Yaman ng Estado Tobias Read
Berri Leslie, Direktor, Kagawaran ng mga Serbisyong Administratibo (Department of Administrative Services)
Betsy Imholt, Direktor, Kagawaran ng Rentas (Department of Revenue)
Ernest Stephens, Kinatawan ng isang Lungsod, county or distrito na may kadalubhasaan sa pananalapi ng lokal na pamahalaan

*(Ang pagtatantya ng epekto sa pananalapi ay ibinigay ng komiteng nabanggit sa itaas alinsunod sa ORS 250.127.)*

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**
Inaatasan sa Panukalang-Batas sa Balota 119 ang mga nagtitinda at taga-proseso ng cannabis, kabilang ang ilang laboratoryo o mananaliksik na may kaugnayan sa cannabis, na magkaroon ng kasunduang pangkapayapaan sa paggawa kasama ang isang tunay na organisasyon sa paggawa upang makakuha o mag-renew ng lisensya sa pagpapatakbo ng negosyo sa Oregon. Dapat nakasaad sa kasunduan na sumasang-ayon ang negosyo ng cannabis na manatiling walang pinapanigan kapag nakikipag-usap ang mga organisasyon sa paggawa sa mga empleyado ng negyoso ng cannabis tungkol sa mga karapatan sa sama-samang pakikipag-ayos (collective bargaining). Ang panukalang-batas ay nag-aatas sa Komisyon ng Alak at Cannabis ng Oregon (Oregon Liquor and Cannabis Commission OLCC) na hilingin ang kasunduan para mag-isyu o mag-renew ng lisensya o sertipikasyon ang OLCC.

Sa kasalukuyan:

- Karaniwang binibigyan ng pederal na batas ang maraming empleyado ng karapatan na mag-organisa at sama-samang makipag-ayos.
- Hindi iniaatas ng pederal na batas sa mga negosyo na manatiling walang kinikilingan sa kanilang mga komunikasyon o magkaroon ng isang kasunduang pangkapayapaan sa paggawa.
- Sa Oregon, ang mga negosyo ng cannabis ay hindi kinakailangang magkaroon ng kasunduang pangkapayapaan sa paggawa kasama ang isang organisasyon sa paggawa o manatiling walang pinapanigan sa mga pag-uusap tungkol sa pag-oorganisa sa paggawa at sama-samang pakikipag-ayos (collective bargaining).
- Ang bawat nagtitinda o taga-proseso ng cannabis ay kinakailangang kumuha ng lisensya mula sa OLCC bago sumabak sa gawain ng nagtitinda o taga-proseso sa Oregon, at pana-panhong mag-renew ng lisensya. Ang ilang laboratoryo na nagsasagawa ng pagsusuri o pananaliksik kaugnay cannabis ay dapat kumuha ng lisensya o sertipikasyon mula sa OLCC para makapag-negosyo.

Sa ilalim ng Panukalang-Batas sa Balota 119:

- Ang mga negosyong cannabis na nagnanais ng lisensya o sertipikasyon mula sa OLCC, kabilang ang pag-renew, ay dapat magsumite ng nilagdaan na kasunduang pangkapayapaan sa paggawa o pagpapatunay upang makakuha ng

lisensya, sertipikasyon, o pag-renew.

- Ang kasunduang pangkapayapaan sa paggawa ay dapat na may kasamang isang organisasyon sa paggawa, gaya ng tinukoy sa ilalim ng 29 U.S. Code Sec. 402 sa pederal na Pambansang Batas sa Ugnayang Paggawa.
- Dapat nakasaad sa kasunduang pangkapayapaan sa paggawa, kahit paano, na sumasang-ayon ang negosyo ng cannabis na manatiling walang pinapanigan kapag ang mga kinatawan ng isang organisasyon sa paggawa ay nakikipag-usap sa mga empleyado ng negosyo ng cannabis tungkol sa mga karapatan kaugnay ng sama-samang pakikipag-ayos (collective bargaining).
- Kung hindi nagsumite ng kasunduang pangkapayapaan sa paggawa ang isang negosyo ng cannabis, o nabigong sumunod sa mga tuntunin ng kasunduan, maaaring tanggihan ng OLCC ang isang aplikasyon o pag-renew.
- Kung winakasan sa anumang dahilan ang isang kasunduang pangkapayapaan matapos mabigyan ng lisensya o sertipikasyon, dapat ipaalam ng negosyo ng cannabis sa OLCC ang pagwawakas nito sa loob ng 10 araw ng negosyo at magbigay ng ebidensya ng pagpasok sa isang bagong kasunduang pangkapayapaan sa paggawa sa loob ng 30 araw. Kung nabigo ang negosyo ng cannabis na gawin ito sa loob ng itinakdang deadline, dapat magpataw ang OLCC ng mga parusa o multa na tumataas ang kalubhaan ng hanggang at kabilang ang pagbawi ng lisensya o sertipikasyon pagkalipas ng 120 araw makaraan ang deadline.

Naaangkop ang Panukalang-Batas sa Balota 119 sa mga aplikasyon o pag-renew ng mga lisensya at sertipikasyon kaugnay ng cannabis na matatanggap ng OLCC sa o pagkatapos ng Disyembre 5, 2024.

**Mga Miyembro ng Komite:**
Michael Selvaggio, **Inatasan ng:** Mga Pangunahing Nagpepetisyon
Madison Walters, **Inatasan ng:** Mga Pangunahing Nagpepetisyon
Derek Sangston, **Inatasan ng:** Kalihim ng Estado
Erin Sweeney, **Inatasan ng:** Kalihim ng Estado
Marla Rae** **Inatasan ng:** Mga Miyembro ng Komite

** Nakaliban ang miyembro sa oras ng pagboto

*(Ang komiteng nabanggit sa itaas ay inatasang magbigay ng walang pinapanigang paliwanag hinggil sa panukalang-batas sa balota alinsunod sa ORS 251.215).*

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, ang mga naghahain ng argumento bilang suporta sa o pagtutol sa mga panukalang-batas ng estado ay may opsyon na magsumite ng pagsasalin ng kanilang argumento. Walang isinumiteng mga pagsasalin ng mga argumento. Makikita ang lahat ng argumento sa Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.